# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA II

## Yunit 1
## Modyul Blg. 2
## Sa Pamilya Nagsisimula

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Totoo ba, kung ano ang puno, siyang bunga? Eh, bakit nga hindi. May santol bang namunga ng mangga? Ganito ang sinasabi ng matatanda kapag ang isang anak ay nakagagawa ng mga magagandang bagay o mga bagay na nagbibigay batik sa ngalan ng pamilya. Kung ano raw kasi ang ipinalaki iyon ang makikintal sa bata.

Natutuhan mo sa unang modyul ang kalikasan at layunin ng pamilya. Sa pagtunghay mo sa mga susunod na gawaing nakapaloob sa araling ito, umaasa akong higit mo pang mapahahalagahan ang tungkuling ginagampanan ng pamilya sa paghubog ng iyong pagkatao.

Ang mga sumusunod na pagpapahalaga at kasanayan ay inaasahang malilinang mo sa iyong pag-aaral sa modyul na ito. O, handa ka na ba?

Nakikilala ang impluwensya ng pamilya sa paghubog ng Pagkatao (L.C. 1)

A. Nakikilala ang kahalagahan ng pagpapakita ng mabuting halimbawa ng magulang sa anak
B. Natutukoy ang mga karanasang pampamilya na nakaiimpluwensya sa sariling pagkatao
C. Nakababalangkas ng mga hakbang upang magkaroon ng mabuting relasyong pampamilya

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga II kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa

kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong.
6. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
7. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
8. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang mga gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. Lagyan ng ☺ ang mga pahayag na inaakala mong nagdudulot ng mabuting pagsasamahan at pagtutulungan sa pamilya at ☹ kung hindi.

_____1. Pagbabayad ng anak sa magulang kapag may trabaho na siya.
_____2. Pagsunod ng anak sa payo ng magulang.
_____3. Pag-uunawaan ng magkakapatid.
_____4. Pagkakaroon ng *family council* o pag-uusap ng pamilya upang pag-usapan ang suliranin.
_____5. Pagdulog sa hapag kainan ng sabay-sabay.
_____6. Pagdarasal ng pamilya nang sama-sama sa takda at regular na oras.
_____7. Kawalan ng pakialam sa isa't-isa ng magkakapatid.
_____8. Pagtatawagan ng may paggalang sa isa't-isa.
_____9. Pagsisimba kung araw ng pangilin.
____10. Paghiwalay at pagsasarili ng anak pagsapit ng ika-18 taong gulang.
____11. Pag-iipon bilang paghahanda sa kinabukasan.
____12. Pagsasama-sama sa iisang bahay ng pamilya kahit may mga asawa na ang mga anak.
____13. Paggamit ng damit ng kapatid nang walang paalam.
____14. Pag-obliga sa mga anak na tumulong sa mga gastusin sa bahay kung may hanapbuhay na ang mga ito.
____15. Pagpasok sa kuwarto ng magulang o kapatid ng hindi muna kumakatok.

B. Basahin ang mga sitwasyon. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Ang masaya at maayos na pamilya ay hindi ligtas sa mga sigalot o suliranin. Nakararanas din silla nito, ang kaibahan lamang nila ay:
   a. pinababayaan na lamang nila itong lumipas.
   b. tinatalakay ito ng harapan at nang walang pananakit ng damdamin.
   c. tinatawanan lamang nila ang suliranin.
   d. hindi nila ito pinag-uusapan.

2. Ang paglilingkod sa loob ng isang pamilya ay:
   a. taos-pusong ibinibigay
   b. obligasyong sinusunod ng lahat
   c. panuntunan ng pamilya
   d. sapilitang ipinautupad sa lahat

3. Ang tinatawag na quality time ay pagbibigay sa anak ng:
   a. lahat ng oras sa maghapon
   b. pagbabasa ng mga kuwento at pakikipaglaro sa anak
   c. hindi pagtatrabaho upang makapiling ang anak
   d. pagpapadama ng pagmamahal at pag-aaruga sa anak tuwina.

4. Tinatawag na unang guro ng mga anak ang magulang sapagkat:
   a. sa kanila unang natututuhan ng bata ang mga kasanayan at pagpapahalaga.
   b. sila ang unang nagturong bumasa at bumilang
   c. sila ang nagtuturo ng tamang pagkilos sa mga anak
   d. ang ipinakikitang halimbawa ng magulang ang siyang ginagaya ng mg anak

5. Walang magic na pormula sa pagmamagulang dahil magkakaiba ang magulang sa paraan ng pagpapalaki nila sa kanilang mga anak. Alin sa mga sumusunod ang makatutulong sa mahusay na pagmamagulang?
   a. Ambivalent
   b. Authoritative
   c. Authoritarian
   d. Democratic


# III. Tuklasin Mo

## Gawain Blg.1

Gaano mo kakilala ang iyong pamilya? Sundin ang bilang ng panuto na nasa loob ng sapot ng gagamba upang maisalarawan mo ang iyong pamilya.

Panuto:

1. Isulat ang pangalan ng miyembro ng pamilya.
2. Sa tapat ng pangalan, isulat ang relasyon mo sa kanya.
3. Isulat ang naging impluwensya niya sa iyo.




## Sagutin Mo

1. Mahalaga ba ang naging impluwensya ng mga taong isinulat mo sa paghubog ng iyong pagkatao? Bakit ?
2. Sino sa kanila ang  may pinakamalakas na impluwensya sa iyo? Bakit?
3. Anu-anong mga katangian nila ang nais mong tularan? Bakit?

## Gawain Blg. 2

Basahin mo ang kuwento at suriin ang kaugnayan nito sa unang gawain.

### Batang may Kapansanan

Nagsilang ng isang sanggol na lalaki ang maybahay ni Herbert Braun. Nang magpunta siya sa ospital ng sumunod na araw upang dalawin ang kanyang mag-ina ay kinausap siya ng doctor upang ipaalam ang kalagayan ng sanggol. Dinala siya sa *nursery* kung saan naroon ang sanggol.

"Ginoong Braun," wika ng doktor "ikinalulungkot kong sabihin na ang inyong anak ay isinilang na may depekto. Kung pagmamasdan ninyo, wala siyang tainga at malakas ang hinala kong siya'y may *Mongolism*. Ikinalulungkot ko po."

Malugkot na ibinalita ni Herbert sa kanyang asawa ang napag-usapan nila ng doktor. Hindi nila napigilang mapaluha sa kapalarang sinapit ng kanilang anak.

Iniisip nila kung bakit nagkaganoon samantalang buwan-buwan ay nagpapacheck-up naman sila. Wala rin silang maisip na *medical history* ng *Mongolism* sa kani-kanilang pamilya.

Nasagot ang kanilang mga katanungan ilang linggo matapos isilang ang sanggol nang malathala sa pahayagan ang balitang ito: *Thousands of German babies born deformed due to mother's use of the sedative Thalidomide.*

Matapos ang matagal na pananalangin ng mag-asawa ay natanggap na nila ang katotohanan. Isang araw pag-uwi ni Herbert galing sa trabaho, sinorpresa niya ang kanyang asawa nang sabihin niyang " Huwag kang mag-alala, mabubuhay ang ating anak na parang normal na bata. At titiyakin ko sa iyong magiging mabuti ang kanyang ama."

Ibinigay ng mag-asawa ang lahat ng suporta at pagmamahal sa kanilang anak na si Christopher. Makalipas ang pitong taon, makikita madalas ang mag-anak sa may baybay-dagat at naglalaro.

Maligaya si Christopher sa piling ng kanyang mga magulang. Sa kabila ng kakulangan, hindi nadama ng bata na hindi siya normal dahil sa suporta ng kanyang pamilya.

Halaw mula sa: *The Next 500 Stories*
ni Fr. Frank Mihalic

## Sagutin Mo

1. Paano nakaimpluwensya kay Christopher ang suporta at pagmamahal ng kanyang ama at ina?
2. Ano ang mahalagang mensaheng ipinahihiwatig ng kuwento?
3. Paano mo iuugnay ang mensaheng ito sa unang gawain?


## Gawain Blg. 3

Pagbabalik-Tanaw Sa Aking Pamilya

Alalahanin mo ang mga makabuluhang panahon kung saan mayroon kang mahalagang natutuhan dahil sa impluwensya ng iyong pamilya.

Iguhit sa itaas ng bawat baytang ang mga simbolo o *stick figure* na naglalarawan ng iyong alaala tungkol sa mga tao at mga pangyayari. Maaari itong negatibo o positibo. Simula ang baytang mula sa unang panahong iyong maaalala. Pagkatapos, ikuwento ang mga karanasan mo.

Halimbawa: edad 8- Naglaro ang kapatid ko ng lutu-lutuan at muntik ng magkasunog. Agad kong kinuha ang isang timbang tubig at ibinuhos sa apoy. Ipinagmalaki ako ni nanay dahil bayani daw ako. Lalo kong pinagbuti ang pagbabantay sa nakababata kong kapatid.




**Sagutin Mo**

1. Ano ang damdaming naghari sa iyo habang binabalikan ang alaala ng nagdaang mga taon sa iyong buhay?
2. Ano ang mga katangian ng iyong magulang ang nais mong tularan kapag ikaw ay nagging magulang na? Bakit?
3. Paano naimpluwensyahan ng mga katangiang ito ang katauhan mo ngayon?

## IV. Ano ang Natuklasan Mo?

Malinaw na ba sa iyo ang ating paksa? Anu-anong mahahalagang kaisipan ang iyong natutuhan? Gamit ang mga gabay na salita sa loob ng kahon, isulat mo ang konseptong iyong natutuhan sa modyul na ito,




Konsepto:__________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
__________________________________________________.

## V. Pagpapatibay

Kadalasang hindi alintana ng mga ama at ina ang mga halimbawa na ipinakikita nila sa kanilang mga anak. Hindi nila napapansin nang lubos ang dating at ibubunga ng kanilang salita, kilos at ekspresyon ng mukha sa katauhan ng kanilang mga anak. Hindi nila napapansin na ang mga ideya at kaisipan pati na ang pamantayan ng asal na kanilang ipinakikita ay nagiging bahaging saloobin at asal ng huli., na nagiging panuntunan nila sa pagpapasya sa hinaharap. Ang isip ng bata ay hindi maliligaw kung may modelo o huwaran.

Anupa't ang pagkatao ng anak ay repleksyon ng uri ng ugali, gawi at kilos ng magulang. Ang mga magulang ay inaasahang magsasabuhay ng pamantayang moral na siyang magiging gabay ng kanilang mga anak.

Ayon kay Esteban, may apat na paraan ng pagpapalaki sa anak na hindi epektibo. Ang mga ito ay ang mga sumusunod: *authoritarian, permissive, ambivalent at negligent.*

1. Ang mga *authoritarian* na magulang ay labis ang paggamit sa kanilang kapangyarihan sa magulang Ang nais nila ay maging perpekto agad ang mga anak kaya't gumamit sila ng manipulasyon at mahigit na parusa. Hinihiya ang mga bata at pinipintasan bawat pagkakamali. Maaaring magbunga sa anak ng hindi matatag at walang tiwala sa sarili, rebelde, mapagmataas, palaban at matigas ang ulo.

2. *Permissive*-pinababayaan ang anak sa gusto nila at pinagdedesisyong mag-isa dahil sila sa sarili nila'y kulang ang kaalaman sa moral at etikal na mga prinsipyo. Kadalasang *spoiled* ang labas ng mga anak dahil ayaw ng *permissive* na mga magulang ng gulo o pagtatalo kaya't hinahayaan na lamang nila para wala ng usapan. Ang hindi nauunawaan ng mga ganitong magulang ay ang kahalagahan ng disiplina at matatag na pagpapasya na kanilang ipinakikita sa mga anak. Kadalasang naliligaw ng landas ang mga anak dail sa kawalan ng naiturong pamantayang moral sa loob ng tahanan. Wala silang makitang mabuting modelo ng disiplina at katatagan.

3. *Ambivalent*-Ito ay ang mga magulang na iba ang sinasabi kaysa ginagawa. Nagbibigay sila ng kalituhan sa mga anak dahil nga sa paiba-ibang pagsasabuhay ng kanilang itinuturo sa mga anak. Halimbawa, itinuturo ng nanay na mahalaga ang katapatan at pagtupad ng pananagutan, subalit kapag may dumarating na maniningil ng utang ay kinakasabwat pa ang anak upang sabihin sa maniningil na wala siya at umalis. Ano ang mensaheng makikintal sa isipan ng bata? Malilito ito kung alin sa sinasabi at ginagawa ng kanyang ina ang tama.

4. *Negligent-* ang mga magulang na ganito ay lubusang tumalikod sa kanilang pagiging ama at ina ng tahanan. Sila ay mga makasarili, iresponsable at walang pakialam sa pananagutang nakaatang sa kanila. Maaaring hindi nila iwan ng pisikal ang kanilang mga anak subalit wala silang pakialam at wala silang panahon dito dahil sa ang kanilang buhay ay nakapokus sa sarili nilang problema, trabaho, libangan, kaibigan at iniasa na nila ang pagmamagulang sa ibang tao.

Kabaligtaran sa ng mga nabanggit na uri ng magulang ang *authoritative.* Ito ang epektibong pagmamagulang dahil isinasaalang alang ng magulang ang dignidad ng anak. Tinatanggap nila ang anak sa kanyang kakanyahan ( *uniqueness)* at tinutulungan ito na mapalakas ang kanyang talino at kasanayan, at ginagabayan kung paano maiwawaksi ang kanyang mga kahinaan. Ginagamit nila ang disiplina bilang paraan ng pagwawasto sa kamalian ng mga anak. Ipinaliliwanag nila ang dahilan kung bakit sila dapat parusahan kapag sila ay nagkakasala. Matatag ang paninindigan nila sa pagtuturo ng mga moral na pamantayan. Hindi rin sila takot na magbigay ng papuri kung nakagagawa ng mga bagay na maganda ang mga anak. Sinisikap nila na maging makabuluhan at natatangi ang bawat sandali sa piling ng kanilang mga anak.

Basahaing mabuti ang sumusunod na artikulo mula sa *We train by Weaving Actions into Words* ng *Five Signs of a Loving Family* ni Gary Chapman:

Isang pastor na itim na nagngangalang E.V Hill ang nagpatotoo. Siya noon ay isang *teen-ager* pa lamang at umuwi siyang lasing isang gabi. Pagpasok pa lang sa kuwarto, isa-isa na niyang hinubad ang kurbata, sapatos, medyas at damit sa lapag, sa sofa at sa kama. Pabulagta siyang nahiga at nakatulog. Nakita ng kanyang ina ang pangyayari. Kinaumagahan , nagising siya sa boses ng kanyang ina. “E.V, gising na at linisin mo ang kuwarto mo. Gumising ka at linisin ang sahig. Pulutin mo ang lahat ng ikinalat mo at may pupuntahan tayo.” “Ayokong maglakbay.” tugon ni E.V. “Hindi kita tinatanong kung gusto mong sumama, ang sabi ko’y mau pupuntahan tayo. Sige, bilisan mo na ang kilos” wika ng kanyang ina. Pupungas-pungas siyang tumayo at naghanda.

Ang lugar ay pamilyar. Ang nanay niya ay bahagi ng isang *Rescue Mission* ng mga *juvenile delinquents* o mga kabataang naligaw ng landas. Habang sila’y naglalakad, marami ang bumabati sa kanyang ina. “Magandang hapon Mama Hill.” Marami rin ang nakakakilala sa kanya bilang anak ng isang mabuting misyonero. Sa kanyang kahihiyan, naroon lahat ang mga kabataang kanyang nakainuman. Nahuli sila sa salang panloloob ng banko (*bank robbery)* at ngayon ay nasa

*reformatory.* Napakahirap ng kanilang trabaho. Iyon na rin ang huli niyang pag-inom dahil sa sinabi ng kanyang ina sa warden na mananatili siya ng dalawang linggo sa lugar na iyon. Natutuhan niya ang kanyang leksyon.

Kaugnay nito, tunghayan mo ang tulang isinulat ni Dorothy L. Nolte na isinalin sa wikang Pilipino.

### Natututuhan ng Bata ang Kanyang Pamumuhay
### (Children Learn What They Live)

Ang batang nabubuhay sa pagmumura
Ay natututong sumumpa.

Ang batang namumuhay sa kalupitan
Ay natututong lumaban.

Ang batang namuhay sa takot
Ay natututong manakot.

Ang batang namuhay sa awa
Ay natutong magdamdam.

Ang batang nabuhay sa pangungutya
Ay natutong maging mahiyain.

Ang batang namuhay sa inggit
Ay natutong maging maiingitin.

Ang batang namuhay sa kahihiyan
Ay natutong tumanggap ng kasalanan

Ang batang namuhay sa pagpapasensya
Ay natutong magpaumanhin.

Ang batang namuhay sa pag-asa
Ay natutong magtiwala sa sarili.

Ang batang namuhay sa papuri
Ay natutong magpasalamat.

Ang batang namuhay sa pagpapahintulot
Ay natutong tanggapin ang sarili.

Ang batang namuhay sa pagtanggap
Ay natutong magmahal sa kapwa.

Ang batang namuhay sa pagkilala ng kakayahan
Ay natutong magkaroon ng layon.

Ang batang namuhay sa pagbabahagi
Ay natutong magbigay.

Ang batang namuhay sa katapatan at katotohanan
Ay natutong ipagtanggol ang katotohanan.

Ang batang namuhay sa pagkikipagkaibigan
Ay natutong kilalanin na ang mundo ay kanais-nais maging tirahan.

Ang batang namuhay sa katahimikan
Ay natutong magpahalaga sa kapayapaan.

Ikaw, kabataan, ano ang iyong natutuhan sa buhay?

Sagutin Mo

1, Ano ang mensaheng ipinahihiwatig ng tula?
2. Ano ang impluwensya ng paraan ng pagpapalaki ng mga magulang sa uri ng pagkatao mahuhubog sa mga anak?

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Isulat mo sa kaukulang kolum ang mga hinihinging kasagutan. Sundan ang halimbawang ibinigay.

| *Magagandang bagay na natutuhan mo sa iyong pamilya* | *Mga impluwensya ng iyong pamilya na sa palagay mo ay nararapat baguhin/ nararapat pang paunlarin* | *Paraan kung paano ito babaguhin/ pauunlarin* |
|---|---|---|
| Halimbawa:<br>1. Pagiging maayos sa sarili at sa mga kagamitan. | Pagdarasal ng sama-sama. Dahil sa kaabalahan sa pag-aaral at sa trabaho, wala ng panahon ang aming pamilya na sama-samang manalangin | Sisimulan ko sa aking sarili, aayain ko ang aking kapatid na magdasal kami, kung makikita ito ng aking mga magulang, maaalala nila ang dati naming ginagawa. |

## VII. Gaano Ka Natuto?

A. Lagyan ng ☺ ang mga pahayag na inaakala mong nagdudulot ng mabuting pagsasamahan at pagtutulungan sa pamilya at ☹ kung hindi.

_____1. Pagbabayad ng anak sa magulang kapag may trabaho na siya.
_____2. Pagsunod ng anak sa payo ng magulang.
_____3. Pag-uunawaan ng magkakapatid.
_____4. Pagkakaroon ng *family council* o pag-uusap ng pamilya upang pag-usapan ang suliranin.
_____5. Pagdulog sa hapag kainan ng sabay-sabay.
_____6. Pagdarasal ng pamilya nang sama-sama sa takda at regular na oras.
_____7. Kawalan ng pakialam sa isa't-isa ng magkakapatid.
_____8. Pagtatawagan ng may paggalang sa isa't-isa.
_____9. Pagsisimba kung araw ng pangilin.
____10. Paghiwalay at pagsasarili ng anak pagsapit ng ika-18 taong gulang.
____11. Pag-iipon bilang paghahanda sa kinabukasan.
____12. Pagsasama-sama sa iisang bahay ng pamilya kahit may mga asawa na ang mga anak.
____13. Paggamit ng damit ng kapatid nang walang paalam.
____14. Pag-obliga sa mga anak na tumulong sa mga gastusin sa bahay kung may hanapbuhay na ang mga ito.
____15. Pagpasok sa kuwarto ng magulang o kapatid ng hindi muna kumakatok.

B. Basahin ang mga sitwasyon. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Ang masaya at maayos na pamilya ay hindi ligtas sa mga sigalot o suliranin. Nakararanas din silla nito, ang kaibahan lamang nila ay:
   a. pinababayaan na lamang nila itong lumipas.
   b. tinatalakay ito ng harapan at nang walang pananakit ng damdamin.
   c. tinatawanan lamang nila ang suliranin.
   d. hindi nila ito pinag-uusapan.

2. Ang paglilingkod sa loob ng isang pamilya ay:
   a. taos-pusong ibinibigay
   b. obligasyong sinusunod ng lahat
   c. panuntunan ng pamilya
   d. sapilitang ipinautupad sa lahat

3. Ang tinatawag na *quality time* ay pagbibigay sa anak ng:
    a. lahat ng oras sa maghapon
    b. pagbabasa ng mga kuwento at pakikipaglaro sa anak
    c. hindi pagtatrabaho upang makapiling ang anak
    d. pagpapadama ng pagmamahal at pag-aaruga sa anak tuwina.

4. Tinatawag na unang guro ng mga anak ang magulang sapagkat:
    a. sa kanila unang natututuhan ng bata ang mga kasanayan at pagpapahalaga.
    b. sila ang unang nagturong bumasa at bumilang
    c. sila ang nagtuturo ng tamang pagkilos sa mga anak
    d. ang ipinakikitang halimbawa ng magulang ang siyang ginagaya ng mg anak

5. Walang *magic* na pormula sa pagmamagulang dahil magkakaiba ang magulang sa paraan ng pagpapalaki nila sa kanilang mga anak. Alin sa mga sumusunod ang makatutulong sa mahusay na pagmamagulang?
    a. Ambivalent
    b. Authoritative
    c. Authoritarian
    d. Democratic

C. Sumulat ng isang talata ukol sa impluwensya ng pamilya sa paghubog ng pagkatao. Lakipan ng malikhaing pamagat.

Pamamaraan ng pagbibigay puntos:

| Krayterya/lebel | Excellent<br>3 (30 puntos) | Average<br>2 (20 puntos) | Poor<br>1 (10 puntos) |
|---|---|---|---|
| A. Pamagat | Nakatatawag pansin | Hindi gaanong nakatatawag pansin | Hindi nakatatawag pansin |
| B. Nilalaman | Kumpleto, malalim | Hindi gaanong kumpleto | Maraming kulang |
| C. Kaugnayan sa tema | Akmang-akma sa tema | Medyo may kaugnayan sa paksa | Walang kaugnayan sa tema |
| D. Organisasyon | Maayos/ Nakapokus sa tema | Hindi gaanong maayos/ Hindi gaanong nakapokus | Hindi nakapokus |

# VIII. Mga Sanggunian


Chapman, Gary. *Five Signs of a Loving Family.*: Manila: OMF Literature, 1997

*Educating Children Today*. Manila: Sinagtala Publisher

Esteban, Esther J. *Values Education: What, Why and For Whom.* Manila: Sinagtala Publisher, 1990

Pope John Paul II, *Familiaris Consortio.*

Santos, Caesar R., Carlos VG Estrada & Juan Manuel Perez. *Congujal Communion*. Manila: University of Asia and the Pacific, 1997


**Susi sa Pagwawasto**

| Handa Ka Na Ba? | Gaano Ka Natuto? |
|---|---|
| 1. ☹ | 1. b |
| 2. ☺ | 2. a |
| 3. ☺ | 3. d |
| 4. ☺ | 4. a |
| 5. ☺ | 5. b |
| 6. ☺ | |
| 7. ☹ | |
| 8. ☺ | |
| 9. ☺ | |
| 10. ☹ | |
| 11. ☺ | |
| 12. ☹ | |
| 13. ☹ | |
| 14. ☹ | |
| 15. ☹ | |